# Ka[likha]san: Sining at Kalikasan  sa mga likha ni Junyee

**Leonardo R. Dela Cruz**
Polytechnic University of the Philippines
lrdelacruz6@pup.edu.ph

**Carmelo T. Osorio Jr.**
Polytechnic University of the Philippines
ctosoriojr@pup.edu.ph

**Jeniel P. Dasig**
Polytechnic University of the Philippines
jpdasig@pup.edu.ph

## ABSTRAK

Isang kwalitatibong pag-aaral hinggil sa ilang mga tampok na installation art ni *Junyee*. Magdiidiin sa pag-aaral sa pagpapahalaga ng mga materyal mula sa kalikasan at kapaligiran sa paglikha ng sining (installation art) at ang kalikasan bilang espasyo para sa edukasyong pangkalikasan. Na ang kalikasan bilang organikong materyal (tulad ng kawayan, dahon, mga sanga ng puno at iba pa) sa paglikha ng sining, ay may natural na pagbibigay kahulugan sa pagtalakay sa kalikasan bilang usapin panglipunan. Isa ring edukasyon kontra sa pananaw na paggamit ng western materials, tulad ng oleo, pintura sa canvas. Gayundin, ang kalikasan ay isang espasyo at/o tanghalan ng sining ay malakas na salungat sa pananaw na ang tinatagurian na sining ay yun lamang nasa museo at gallery.

**Mga Susing Salita:** Ka[likha]san, Installation Art, Junyee, Katutubong Materyales

## ABSTRACT

This paper is a qualitative study focusing on some of Junyee's featured installation art. Study put emphasis on the value of materials from nature and the environment in the creation of art (installation art) and nature as a space for environmental education. Including how nature as an organic material (such as bamboo, leaves, tree branches, etc.) in the creation of art, has a natural meaning in discussing nature as a social issue. It also presented perspective against the stand of using western materials, such as oleo, paint on canvas. Adding to this, the study highlighted the significance of how nature as a space and/or art gallery could  strongly opposed to the view that so-called art is only in museums and galleries.

**Keywords:** Ka[likha]san, Installation Art, Junyee,  Indigenous Materials

## PANIMULA

Ang sipi ay mula sa panayam kay Luis Enano Yee, Jr o mas kilala bilang si Junyee na tinaguriang "ama ng installation art sa Pilipinas". Tinukoy ni Junyee ang backyard bilang pilosopiya sa kanyang paglikha ng sining. Ano ang backyard philosophy sa pananaw ni Junyee? Paano ito nagsimula at umusbong bilang prinsipyo at kasanayan sa sining? Ano ang maaring ambag ng pag-aaral, sa pamantasan bilang institusyon sa edukasyon, partikular, ang ugnayan ng sining sa kamalayan, at pangangalaga sa kalikasan? Paano ang installation art ni Junyee ay patuloy na nag-udyok sa ating kamalayan ng prinsipyong narito lang sa ating bakuran? Ang mga katanungang nabanggit ang pakay na tutugunin sa pag-aaral.

Ang pag-aaral ay nakatuon sa ilang piling likha ni Junyee, partikular sa anim na installation art. Ang anim na pyesa ay may pamagat na Balag (1970)—tinanghal sa UP Diliman, Quezon City, Wood Things (1980)—tinanghal sa Cultural Center of the Philippines o CCP , If Rain You Are, I'll Bathe the Earth With You (1998) na naging bahagi ng Japan National Bamboo Festival at tinanghal sa Oita, Japan, Isang Daan (1998)—itinanghal sa Cultural Center of the Philippines, ang Angud, A Forest Once (2007) sa CCP, at ang huli ay ang Kwarantin (2020) na tinghal sa UP Vargas Museum, Diliman. Pag-aralan ang ugnayan ng materyal, lugar, proseso ng paglikha, halaga at kahulugan. May iba't ibang tema, espasyo, at panahong pinag-ukulan ang mga nabanggit na sining. Ngunit sa lahat, gumamit si Junyee ng mga indigenous na materyales, mula sa kawayan, mga dahon at lagas na halaman, angud at iba pa na binigyan ng bagong kabuluhan at kahulugan.

Sa pagsasakonteksto at pagpopook ni Alice Guillermo, dalubguro sa pag-aaral ng sining, sa importansya at kapangyarihan ng installation art sa kontemporaryong sining sa kaniyang sanaysay na Brief Survey of Philippine Art, sinabi niya,

> … installation art is shaping itself into a potent form, developing from earlier hermetic constructs to striking multimedia expressions. Installation art, which is premised on the interplay of signifying elements and structures within a defined space, has recently examined the concepts of space, time, and process, breaking down the parameters of the pictorial field and the sculptural mass to open up new semantic possibilities. These often include performative interactivity between the artist, viewer and public and the work itself. From ecological themes, recent installations have shifted to themes of identity and human interaction. Many installations and mixed-media works have a central aspect of discursiveness in which words are called into play to foreground the conceptual values of the work (Guillermo, n.d.).

Ang halaga ng installation art bilang isang anyo ng sining biswal ay ang pag-uugnayan at talaban ng iba't ibang elemento gaya ng paggamit ng iba't-ibang uri ng

materyal, espasyong pinaglugaran,  proseso, panahon, at ang pagiging performatibo at posibilidad ng interaksyon ng pyesa sa madla.

Gayundin, mahalaga ang diskurso ni Dr. Patrick Flores hinggil sa installation art ni Junyee sa usapin ng kasaysayan ng sining at kalikasan. Sabi niya,

> In this regard, the initial proposition is to conceive of nature as material and site as work in the specific context of modernist sculpture and contemporary installation; and the aspiration is to discuss a possible shift from a history of environmental art to an ecological art history, or the imbrication of these two methods that elaborates on the double bind. Crucial in this approach is the materiality of Junyee's practice that is organized around the following: wood/things; vine; climate; guava; and site. Inflecting these reflections is finally a consideration of the political and the ethical in the social world of art and the art history of the natural... (Flores, 2021).

Sa pagdidiin, mahalagang pag-aralan ang ugnayan at talaban sa kabuluhan at halaga ng paggamit ng materyales mula sa kalikasan. Ang kalikasan bilang espasyo, ang ugnayan pang-kasaysayan ng sining na mahahalaw sa praktis ni Junyee.  Ang kahalagahan ng artistic praktis sa pagpapalaganap ng "makabagong pilosopiya, estetika, at praktis na katutubo, sa susunod na henerasyon ng mga artista at karaniwang taumbayan" (CCP, 2020).

Ayon kay Maria Margarita Moran-Florendo, ang Chair ng CCP Board of Trustees, *"Through the Gawad CCP para sa Sining, the Cultural Center of the Philippines recognizes these artistic individuals and cultural organizations, celebrates their works, and honors the impact they made on Philippine society"* (CCP, 2020). Bahagi din ng nais ng mga mananaliksik na ang resulta ng pag-aaral ay magamit sa pag-aaral sa akademya, lalo na sa mga paksa hinggil sa sining kalikasan at agham panlipunan.  Sa palagay din ng mga mananaliksik, ang pag-aaral ay mapapakinabangan ng  mga  mag-aaral sa sining,  mga kabataang artista, manggagawang pangkultura at  guro sa disiplina ng sining , kalikasan at agham panlipunan sa akademya at labas ng pamantasan.

Lubos na pasasalamat sa tulong at agapay ng PUP Center for Environmental Studies at sa Reseach Institute for Human and Social Development sa pag-aaral na ito.  Ang pag-aaral ay maaring magamit bilang isang sanggunian sa mga kursong may relasyon sa sining, kalikasan at lipunan, partikular sa kurso ng pagpapahalaga sa sining, environmental humanities, araling Pilipino at iba pa.  Nais din ng mga mananaliksik na isumite at mailathala ang pag-aaral sa mga dyornal na may kaugnay ng paksa at usapin.

## PAMAMARAAN

Ang pag-aaral ay nabuo noong huling bahagi ng taong 2022. Kinapanayam si Junyee bilang pangunahing informant. Nagtungo kami sa Los Baños, Laguna kung saan namalagi si Junyee mula pa noong 1974. Kinapanayam din ang ilan pang instalasyon artists sa bansa, upang pag-aralan ang impak at kaunlaran ng installation art bilang sining.

Pangunahing paghahalawan ng pag-aaral ang mga panayam (video at audio recordings), at ang mga larawan ng sining ni Junyee na makikita sa arkibo at internet. Mga artikulong isinulat hinggil kay Junyee, mga arkibo hinggil sa installation art, at kalagayan ng kalikasan. Bumuo ang mga mananaliksik ng proseso sa pamamagitan ng sessions ng pagpupulong at hatian sa pagsulat. Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga mananaliksik na masaksihan at mabalikan ang mga likha ni Junyee sa University of the Philippines, Los Baños, na kauna-unahang sculpture garden sa bansa. Nandito ang kalakhan sa piyesa ni Junyee sa nakalipas na limang (5) dekada. Muling binuhay ni Junyee mula sa kanyang alaala ang kanyang mga likha sa pakikipagtulungan sa mas batang artista na kanyang kinomisyon. May pagka-permanente na ang katangian ng mga pyesa dahil gawa na sa matitibay na materyales. Binuo din ng mga mananaliksik ang konseptong Ka[likha]san na sentrong konsepto ng pag-aaral bilang pagsasalo ng paglikha ng sining at kalikasan, kalikasan sa sining, at sining bilang midyum ng edukasyon ng sining at kalikasan.

Nilalayon ng pag-aaral na diinan ang impak at lawak na inabot ng impluwensya ng sining ni Junyee sa mga kabataang artista, lalo na yung nasa larangan ng environmental art. Sa layunin ito, kinapanayam ng mga mananaliksik ang dalawa sa artista sa sining biswal na naging bahagi ng kauna-unahang workshop sa installation art na dinaos ni Junyee noong 1981. Sinalalayan din sa pag-aaral ang artikulong sinulat ni Imelda Cajipe Endaya na may pamagat na Junyee Likhang Sining mula sa Kalikasan, para sa Bayan at Kalikasan. Ang artikulo ni Endaya ay bahagi ng Gawad CCP (Cultural Center of the Philippine) Para sa Sining, ng taong 2020. Ang Gawad CCP Para sa Sining ay ang pinakamataas na gawad na ibinibigay sa karapat-dapat na artista at manggagawang pangkulturang Filipino sa bansa. Ito ay ibinibigay kada ikatlong taon.

## TALAKAYAN

Ang pag-aaral ay isang kwalitatibong pag-aaral na ang diin ay ang ilan sa mga likha ni Junyee na sumasaklaw sa limang dekada (1970-2020). Pag-aaral sa halaga ng mga materyal mula sa kalikasan sa paglikha ng sining, ang kalikasan bilang espasyo ng artista sa gitna ng suliranin sa climate change, at kung gaano kahalaga ang installation art sa pagtatampok ng suliranin sa kalikasan, at iba pang usaping pang-bayan na bahagi ng kaligirang pangkalikasan.

**Si Junyee bilang Artista at Social Critic**

*"I was born as an artist"*, ang bungad sa amin ni Junyee, na ipinanganak sa Cabadbaran, Agusan De Norte noong 1942. Nasa kinder pa lamang ay mahilig na siyang magdrawing. Noong grade 3 siya, ibinahagi niyang siya ay nanalo sa contest sa paaralan at nakamit niya ang 1st prize. May pagmamalaki niyang nabanggit na ang kanyang likha noong grade 3 ay hindi "estilong bata", kundi isang surreal na sining. Sa pag-alala niya sa kanyang likha, makikita ang isang pating na nasa dagat at sa ibabaw ng dagat ay isang malaking rosas. Nabanggit niya na bata pa lamang ay may paninindigan na siya sa paglikha ng sining at desidido na na maging artista. Hero niya ang mga superhero sa komiks ng Marvel at DC at idolo niya si Michaelangelo Buonarroti sa pagiging passionate nito. Si Michaelangelo ay isang Italyanong iskulptor, pintor, at arkitekto at kinikilala siyang pinakamahusay na nabubuhay na artista sa panahon niya. Isa nga sa kanyang kilalang nilikha ay ang Sistine Chapel. Bagaman, isa ang obrang ito ay likhang-sining na pagpipinta, mas kinikilala niya ang kanyang sarili bilang isang iskultor. At ito marahil ang nakita ni Junyee na naging dahilan ng kanyang paglikha sa mga obra na may iba't ibang hugis at anyo. Nagawa ni Junyee na pagsamahin sa iisang likhang-sining ang pagpipinta, pag-iskultura, at maging ang arkitektura na makikita ring larangan ng likhang-sining ni Michaelangelo.

Pinursigi niya ang kagustuhan maging artista, sa kabila ng ang gusto ng kanyang mga magulang para sa kanya ay maging businessman o kaya ay maging doktor. Kahit pa sinabihan siya ng kanyang ama na magugutom daw siya kapag ipinagpatuloy ang hangaring maging artista at mag-aral ng fine-art.

Maykaya ang kanilang angkan sa Agusan City, Mindanao. Ang kanyang ama ay isang Chinese-Filipino middle class na may-ari ng isang hotel at restaurant sa Surigao City. Lumaki si Junyee na may yaya, isang señorito, nakapag-aral sa San Carlos High School sa Cebu. May Lolo siyang may pag-aaring lupain na singlaki ng barrio. Sa lupain ng kanyang Lolo siya nagbabakasyon taon-taon noong high school at dito niya natutunan makihalubilo sa kalikasan. Ang karanasan ni Junyee sa kanilang lupain ay magkakaroon ng malaking halaga sa kanyang sining at buhay. Sa kagustuhan maging artista, pinursigi niyang magkolehiyo at ninais kumuha ng Fine Arts sa San Carlos, Cebu. Nagpaalam siya sa kanyang ama at namuhay ng mag-isa sa Cebu gamit ang naipong pera mula sa sweldo niya bilang receptionist sa kanilang negosyo. Wala palang Fine Arts sa San Carlos. Ayaw naman niyang umuwi sa kanilang tahanan sa Agusan dahil mapipilitan siyang sundin ang kanyang ama na maging businessman. Nabuhay nang mag-isa si Junyee sa Cebu, nagtrabaho siya bilang janitor, clerk, at kalaunan ay make-up artist ng funerariyang kanyang pinasukan ng may isang taon. Ang huling trabaho niya bilang make-up artist ng patay ay naging malaking trauma sa kanya.

Inabot ng limang (5) taon bago natuloy na kumuha ng Fine Arts sa UP Diliman, Quezon City. Limang taon ang agwat niya sa mga kaklase, mature kumbaga kaya lagi siyang nagsisilbing lider ng klase. Mahusay sa paggawa ng eskultura si Junyee. Nakapagtapos siya

sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Kolehiyo ng Sining Biswal sa pagkupkop, pagtataguyod at pagtuturo ng Pambansang Alagad ng Sining na si Napoleon V. Abueva, ang tinaguriang Father of Modern Philippine Sculpture (Endaya, 2020). Si Junyee, bilang isang mag-aaral pa lamang noong 1970's, ay tinuring na maestro at ama si Abueva. Tumira si Junyee sa bahay ni Abueva ng halos tatlong taon at doon naturuan siya ng mga paraan ng paggamit ng iba't ibang kasangkapang pang-iskultura. Mula rito, mas lumawak ang kamalayan ni Junyee sa Fine Arts, unti-unting huminog ang mga konsepto at ideya niya. Ayon pa sa kanya, mas marami siyang natutuhan sa studio ni Abueva kaysa sa Unibersidad.

Nagsimula si Junyee ng installation art noong 1970. Ito ang panahong lubos na laganap ang makakanluraning pamantayan sa sining sa unibersidad. Sa kanyang pag-alala, nangingibabaw ang debate ukol sa kung ano ang Philippine art. Ang tugon niya rito, *"Philippine art is Western art… dahil everybody is doing the western art, teaching western art*." Sa patotoo niya, ang katanungang ito ay isang binhi na nag-udyok sa kanyang maghanap ng alternatibo.

Nilikha ni Junyee ang Balag (1970) sa UP Diliman bilang isang malayang espasyo ng pamamahayag at tipunan, sa tulong ng proseso at ideya ng bayanihan. Sa panahong ito, laganap ang ligalig dulot ng krisis sa ekonomiya matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. Laganap din ang kilusan sa pagbabago ng mamamayan. Sa Pilipinas, may malakas na kilusang makabayan, lalo na mula sa hanay ng mga kabataan. Sa sining lumabas ang tunguhin sa pagtatanong sa kung ano ang identidad ng sining ng Pilipino. Sa lenggwahe ni Junyee, "*ano ang kaluluwa ng Pilipino?"* Ang malakas na kilusang makabayang ito ay tinugon ng Martial Law ng dating Pangulong Marcos, na lalo lamang nagpalakas sa kapursigihan ng kabataan at mamamayan sa pagbabagong panlipunan. Sa kasaysayan ng sining, ang 1960-70 ay ang paglaganap ng iba't ibang eksperimentasyon sa pamamahayag at paglikha. Sumigla ang eksperimentasyong lagpas sa tradisyon ng pagpipinta at paggawa ng eskultura. Sumulpot din ang mga diskusyon sa sining laban sa komersyalisasyon at ang tanong kung para kanino ba ang sining. Umusbong ang iba't ibang kilusan sa sining na lumikha ng iba't ibang anyo, gaya ng installation art, performance art, conceptual art, at iba pa.

Noong 1970 naging art editor ng Philippine Collegian si Junyee. Aminadong aktibista mula noon hanggang ngayon. Kadiskurso ni Junyee sa panahon niya sa UP sa kolehiyo ang mga kaibigang aktibista hinggil sa tungkulin ng sining. Ang isang usapin ay ang papel ng sining, "to serve the people". Sang-ayon si Junyee sa pagsisilbi ng sining sa sambayanan, dagdag niya, hindi lang para sa propaganda, kundi mayroon pang ibang saysay ang sining. Ang ideya at usaping nagpasigla sa kilusan ng kabataan at mga kabataang artista na nagpabago sa kasaysayan. Dalawang taon matapos ideklara ang Martial Law noong 1972, nagtungo sa Los Baños si Junyee at dito na tuluyang nanirahan. Tila sinalubong si Junyee ng kanyang bagong tahanan sa UP Los Baños, dahil sa nakita niyang kalawakan ng luntian, halamanan, at mayamang kalikasan na taglay nito. Para sa

kanya ay "*dito [ako] nagflourish lalo, dito ang material ..hindi mo maubos, anything from nature nagamit ko..buto, scale ng sawa…at iba pa"*. Bilang isang artista, ang kalikasan ay isang bukal nang hindi mauubusang materyales sa pagbuo ng sining.

Bilang social critic, batid ni Junyee ang kasaysayan ng mundo. Kung paanong ang malalaking bansa ay sumakop sa maliliit na bansa. Nakontrol, naimpluwensyahan, at naging dominante ang lahing puti sa mundo. Bahagi nito ang pangingibabaw ng kultura at sining na makakanluran. Batid ni Junyee na ang pananakop sa Pilipinas ng dayuhan ay nagpa-udlot sa kaunlaran ng Pilipinas, sa kultura at maging sa sining nito. Ayon pa sa kanya:

> *lahat ng kultura ay na-develop, influenced by the environment around them… The environment will dictate the consciousness or unconsciously for the people to create or design on material around them.* Dagdag pa niya, *ang kaluluwa natin ay pinasukan na ng puti at binago, dahil dominant sila.. under tayo, slaves tayo… expression natin ay sumusunod lang tayo, ang iba ay sumusunod dahil gusto nila.*

Gayunpaman, hindi lubos na sinalungat ni Junyee ang Western art, sa katunayan maganda ang mga sining mula sa Kanluran para sa kanya. Kung tutuusin, ayon sa kanya, ang *Philippine art ay Western art*. May katotohanan ang argumento na ito kaya hindi masama, dagdag pa niya, na pag-aralan at kahangaan ang mga sining pang-kanluranin. Ngunit hindi dapat ito ang maging pangunahing saligan ng paglikha ng Philippine art. Masagana ang Pilipinas sa likas na yaman, sa 7, 641 na islang bumubuo nito, punong-puno ito ng indigenous na mga materyales na maaaring gamitin sa sining. Ito ang diwa ng kulturang Pilipino, salungat ito sa mala-kanluraning pagbuo ng sining. Para sa kanya, lahat ay maaaring gamitin bilang materyal ng sining na naaayon sa tingurian niyang backyard philosophy.

Maraming natanggap na parangal at pagkilala si Junyee, ang isa sa pinakahuli ay ang Gawad CCP para sa sining, nitong nakaraang 2020. *"This is the highest award given by the Cultural Center of the Philippines (CCP) to deserving Filipino artists and cultural workers in the field of dance, music, theater, visual arts, literature, film and broadcast arts, architecture and allied arts"* (CCP 2020). Naging nomidado rin siya sa National Artist Award 2022. Nakatanggap ng Certificate of Global Gratitute sa Normandy Honor for Peace ..with the Earth, 2023. Nagwagi ang kanyang pyesang Open Door (2009) na naka-exhbit sa Holocaust Memorial Park sa Israel. Grand Prize ang kanyang pyesang Bagong Binhi (1986), sa sculptor category ng Art Association of the Philippines (AAP) art competition, at ang CCP 13 Artists Award noong 1980.

Itinanghal ni Junyee ang kanyang mga likha sa iba't ibang institusyunal na espasyo sa loob ng bansa, tulad sa CCP, UP Diliman, UP Los Baños, Metropolitan Museum, at iba pa. Gayundin sa ibayong dagat, tulad ng paglahok sa Japan National Bamboo Festival, Oita Japan noong 1998. First Asia Pacific Triennial Brisbane, Australia, Queensland Cultural

Center noong 1993; Installation exhibition sa Fukuoka Park, Japan 1991. At ang pagiging pangunahing representative sa Fourth Havana Biennale, Havana Cuba 1991 at 12th Paris Biennale, 1982.

Ang pagkilala sa mahigit limang (5) dekada ng paglikha ng sining ni Junyee ay mabubuod sa kanyang kontribusyon sa paggamit ng materyal na mula sa kalikasan, pag-propagate ng installation art at public art, at sa impak nito sa mga komunidad ng mga artista at ng bayan. Ayon sa Gawad CCP para sa sining, *"Malaking kontribusyon sa sining ni Junyee sa bansa"* (CCP 2020). Kinatangian ang pagkilala sa kanyang kontribusyon. Tinawag siyang Ama ng Installation art sa Pilipinas dahil sa siya ang nagpasimula ng public installation art sa bansa noong dekada '70. Sa panahong malakas ang impluwensya ng kanluraning sining na gumagamit ng mamahaling oleo, acrylic na pintura, at isinasabit sa dingding ng mga galleries at museo para makita at ipagbili. Pinili ni Junyee na gamitin ang mga materyales mula sa kalikasan. Ang mga labi, basura, mga putol na sanga ng kahoy na nabubulok at pansamantala. Ang pangunahing materyales ni Junyee ay itanghal ito sa publiko, plaza at malaking mga espasyo para makita ng mas maraming tao… para sa karaniwang mamamayan ay nagpasigla sa diwa ng bayanihan, ng pakikipagkapwa sa komunidad at bayan at sa pagkakakilanlang Pilipino' (CCP, 2020).

Para sa paglikha niya ng sining bilang politikal na pagkilos, na sumasalungat sa kalakaran at kalakalang mapang-api sa taumbayan ngunit puno naman ng pag-asa dahil nakatuon sa pagpapahayag ng mga kaisipan at damdamin na nagsusulong ng kapakanan ng bayan at kalikasan (CCP, 2020).

Ang paglikha gamit ang indigenous na materyales ay paninindigan para sa kalikasan at para sa bayan. Sa loob ng maraming dekada, pinakita ng maraming pyesa ni Junyee ang kanyang paninindigan sa mga hamon ng panahon. Sa ganitong mahabang karanasan at konsisteng paninindigan sa paggamit ng mga indigenous na materyales mula sa kalikasan at gubat, paggamit ng mga liwasan bilang espasyo ng sining para sa ikalulugod ng madla at pagiging social realist sa mga tema ng pyesa. Ito ay naging impluwensyal sa mga nakababatang artista at mamamayan. Ayon sa CCP (2020), 'para sa pagtuturo niya at pagpapalaganap ng makabagong pilosopiya, estetika, at praktis na katutubo, sa susunod na henerasyon ng mga artista at karaniwang taumbayan'.

**Ang Backyard Philosophy ni Junyee**

Kinatatangian ng ilang elemento ang nabuong backyard philosophy ni Junyee. Una, ang ideya na maghanap ng alternatibo sa paglikha ng sining na hindi gumagamit ng materyales mula sa Kanluran at naglalarawan ng kaluluwa ng Pilipino na isang hamon ng kanyang panahon. Ikalawa, ang kanyang karanasan sa pakikihalubilo sa kalikasan at paninindigang mamuhay sa probinsya. Ikatlo, ang paggamit ng materyales mula sa kalikasan sa paglikha ng installation art, bilang pag-alpas niya sa limitasyon ng eskultura na natutunan sa pamantasan.

Mulat si Junyee sa kalagayang dominante ang Western art sa mundo. Kaya ang tanong niya, *Is this mine? Can we do something else?* Kung lalawakan ang tanong, mula ba ito sa atin? Hindi lamang niya ito sinasabi bilang Pilipino, ngunit bilang Asyano, lalo na sa mga third world countries na sinakop ng mga dayuhan. Mayroon tayong "bakuran", mayroong sariling kultura at lokal na materyales na magagamit sa paglikha at pagproseso ng sining. Mayaman at sari-sari ang likas na yaman sa Asya. Dalawampung porsyento (20%) ng biodiversity sa buong mundo ay nagmula sa rehiyon (ADB, 2013).

**Larawan 1**

Si Junyee, sa kanyang tahanan sa Los Baños, 2023




Malawak ang tumutubong kawayan, mga halaman at puno sa kagubatan at kalupaang natataniman para sa pag-agrikultura sa Asya, kabilang ang Pilipinas. Sa patotoo ng Convention on Biological Diversity, ang Pilipinas ang isa sa 18 mega-diverse na bansa sa mundo. Mayabong ang flora at fauna nito, na 70% at 80% ng flora at fauna sa buong mundo. Matutunan natin kay Junyee ang pagpapahalaga sa ating kalikasan at ang pangangailangan sa pag-alam sa likas-yaman ng kalikasan, lalo na sa panahong napupuno ng malls at mga gusaling komersyal ang mga syudad at dala nitong polusyon sa kapaligiran.

Ang installation art ay may ephemeral na katangian bunga ng materyales na gamit, kumpara sa pagiging permanente ng eskultura. Nilalampasan nito ang limitasyon ng katangian ng espasyo ng gallery o museo, nagagamit ang mga liwasang pampubliko, at maging ang malawak na espasyo ng kapaligiran. May performatibong katangian at humihikayat ng partisipasyon ng iba pang katawan sa proseso ng instalasyon. Pisikal ang paglikha ng installation art. Malaking alpas ito sa natutunang paglikha ng iskultura sa sariling studio. May pinag-ugatan sa ating kultura ang installation art, kumbaga hindi ito lubos na dayuhan sa atin. Dinala ni Junyee sa entablado ng diskurso at pagtuklas ng kaalaman ang paglikha ng installation art na nasa kamalayan ng mga manlilikha, pagkilala ng mga institusyon sa sining at mamamayan.

Ang kalikasan ay isang gubat o isang dagat na mapagkukunan ng materyales sa paglikha ng sining. Nabibigyan ito ng iba pang kabuluhan sa kamay ng manlilikha. Hindi ito mauubos. Ngunit kailangan ang mahabang panahon at paninindigan na mamuhay dito. Kailangan pag-aralan ang galaw at buhay ng kalikasan. Ang pag-usbong ng binhi hanggang pagbalik nito sa lupa, dulot ng pagkabulok. Sa proseso ng pag-alam at pag-aaral mauunawaan ang halaga ng ating mga kapatid na katutubo at magbubukid bilang nangunguna sa pangangalaga sa kalikasan. Kasama rin sa pangangalaga sa kalikasan ang mga environmental activists, at advocates. Isa si Junyee sa maituturing na kabilang dito. Sa pagyakap at pamumuhay dito, matutunan ang kahalagahan ng pagtitiyaga, pagpapahalaga sa kapwa at kapaligiran kaysa sa mga bagay na produkto ng komersyalismo.

**Ang Mga Likha ni Junyee**

Isang porma ng protesta ang paggamit ni Junyee ng mga organikong materyales sa kanyang sining. Ito ay kritisismo hindi lamang sa kanluraning sining, ngunit lalong-lalo na sa monopolistiko at komersyal na katangian nito. Tulad ng nabanggit na pokus ng pag-aaral na ito, pumili ang mga mananaliksik ng anim na likha ni Junyee. Ito ang Balag (1970), Wood Things (1980), If Rain You Are, I'll Bathe the Earth With You (1998), Isang Daan (1998), Angud, A Forest Once (2007) CCP 2007, at ang Kwarantin (2020).

Ang anim na likha ang pinakakilalang obra ni Junyee na naging bahagi din ng artikulo ni Imelda Cajipe Endaya sa Gawad CCP para sa Sining, 2020. Sa nasabing mga likha rin makikita ang lawak ng potensyal ng installation art bilang medyum ng edukasyon sa kapaligiran. Kasama rin ang lawak ng mga usaping tinatalakay, gamit ang mga indigenous na materyales. Sa pananaw din ng mga mananaliksik ang anim na likhang ito ay may malaking halaga sa buhay ng artista, sa kanyang pagtugon sa hamon ng panahon.

***Balag (1970)***

Sa UP Fine Arts Diliman, nagawa niya ang kanyang unang pyesa—ang Balag (1970). Sa panahon na ito ng maraming eksperimentasyon sa paglikha at paghahanap

ng sariling identidad. Napakahalaga ng pyesang ito na naging simula ng tinahak na disiplina ni Junyee na paggamit ng mga indigenous na materyales sa sining para lumikha ng kabuluhan at kahulugan. Sa katunayan, ito ang tinaguriang unang installation art sa Timog-Silangang Asya.

Ang pyesang Balag, kung titignan ang nasa larawan (replika ng Balag na nasa sculpture garden) ay isang kwadradong espasyo na nabuo mula sa pinulot na mga kawayan na tinusok sa lupa upang lumikha ng tila poste sa apat na sulok. At binubungan din ng kawayan sa itaas at mga gilid. Hango ang piyesa sa istruktura ng trellis o balag na may magaan na materyales, kadalasan mula sa kawayan o mga putol na sanga ng puno, na ginagamit pangsuporta upang makagapang ang mga pananim tulad ng ampalaya, sitaw, at iba pa.

**Larawan 2**
Replika ng Balag, Sculpture Garden, UP Los Baños, Laguna



Naitayo ang instalasyon sa tulong at suporta mula sa mga mag-aaral at akbisita ng University of the Philippines, kung saan nag-aaral si Junyee nang mga panahon na ito. Ang laganap na panunupil ng karapatang pantao at pagsensura sa malayang pamamahayag, kabilang ang sining, at ang kabuuang pampulitikang klima ng panahon na ito ang nagtulak kay Junyee na likhain ang Balag. Ang enstalasyon, batay sa kanyang alaala, ay isang espasyo ng malayang pamamahayag o freedom space. Sinabitan ito ng mga placards (na anti-Marcos Sr.), love letters ng mga students, at iba pa. Sinabitan din nila ng canned goods, sardinas at daing para maging lugar ng pagmi-miryenda, kantahan, at tambayan. May participatory element din ang pyesa, dahil binuo ito sa pamamagitan ng bayanihan. Pumukaw-sigla ang walang pag-iimbot na pagtutulungan at pagpapahalaga ng mga Pilipino

na isa sa mga naging diwa ng obra. Ayon kay Junyee, "*ang ginamit kong working force dito ay bayanihan which is very Filipino. May mga tumulong na nagcontribute, kanya-kanyang hakot, kanya-kanyang dala."*

Ang kasiglahan ng kilusang kabataan ay tinugon ng Batas Militar ng dating pangulong Marcos Sr. Tulak ng kahigpitan ng Batas Militar, napilitang magtungo si Junyee sa Los Baños. Ito naman ang nagtulak sa kanya upang mapagyaman pa niya ang paglikha ng installation art.

***Wood Things (1980, 1981, 1982)***

Unang nilikha ni Junyee ang Wood Things noong 1980 gamit ang kapok bilang pangunahing materyales. Ito ay mala-insektong anyo na maaaring gumapang at nakatusok. Sa pagsasalarawan ni Imelda Cajipe-Endaya,

Sa pagbugkos-bugkos ng mga dahon ng saging, na tinalian ng tangkay at tinusukan ng tuyong supot ng kapok, nakalikha siya ng mga tila insektong nakatutusok at gumagapang. May isang talampakan ang haba ng bawat isa, naisasabit at naisasaayos ang mga ito sa iba't ibang paraan (Endaya, 2020).

Ayon kay Junyee, inspirasyon ko duon ay tunay na design ng forest not necessary insekto. Kaya ko ginawa iyon ay harvest time ng kapok, ginagawang unan. Paborito kong kahoy yun, kapok na tusok-tusok, available that time na pwede kong paglaruan na material. Noong 1981, naimbitahan siya upang magkaroon ng solo exhibit sa CCP, Small Gallery gamit ang Wood Things. Sa eksibisyon, pinagsama-sama niya ang mga Wood Things na tila mga insektong gumagapang mula sa sahig, patungo sa pader, hanggang sa kisame. Pahilis ang direksyon ng mga ito na naglalarawan ng pagsama-samang paggalaw at pagkilos. Ang kabuuang ayos ng mga wood things ay lumikha ng isang panibagong ekolohiya. Dagdag pa ni Junyee:

> *Ang ginawa kong guideline... to create environment. Kapag pasok mo sa gallery, makalimutan mo na may environment sa labas; it's so powerful, pati ako ay kumati ang katawan ko. to tell the people you missed ..there is a different world out there, we are banking on them para mabuhay, lahat ng resources natin ginagamit galing duon and its alive with things you don't know. There is something there…living things.*

Ang Wood Things ay pagmamarka ni Junyee ng kanyang paninindigan sa kahalagahan ng kalikasan at paglulugar ng installation art sa pangunahing agos ng paglikha ng sining. Resulta ito ng maraming taon ng kanyang pananahanan sa Los Baños. Ang pagmaksima niya sa panahon ng tag-ani ng gapok na nagbigay sa kanya ng ideya at materyal sa paglikha ng Wood Things.

**Larawan 3**
Wood Things, kuha ni Kiko Del Rosario, Wood Things (culturalcenter.gov.ph)



Balot ng krisis sa ekonomiya at pulitika ang bansa. Bilang tugon sa laganap na krisis, ipinatupad ng dating pangulong Marcos Sr. ang Masagana 99 noong 1973. Pangako nitong tulungan ang mga magsasakang Pilipino at maipataas ang suplay ng palay upang matuldukan ang patuloy na kakulangan sa pagkain na kinakaharap ng maraming Pilipino. Ang mga magsasaka ay hinikayat na mangutang sa rural bank upang makuha ang package na gagamitin upang mapataas ang suplay ng aanihing palay. Kasama sa package ang 'high-yielding rice seeds (seeds that grew into plants that had more grain than other varieties), low-cost pesticides, herbicides, and fertilizer' (Rappler, 2022). Naging matagumpay ang simula ng proyekto. Gayunpaman, nakita ang pinsalang epekto nito noong 1980. 'The low loan repayment, problematic implementation, and rising farmer debt led to the program becoming inconsequential by 1980, until it quietly stopped in 1984' (UP Los Baños, 2020). Higit pa riyan, malaki rin ang naging negatibong epekto nito sa ating kalikasan. Dahil sa paggamit ng programa ng high-yielding varieties (HYVs) na nakabase sa mga kemikal tulad ng synthetic fertilizer at pesticide, nagresulta ito sa chemical pollution, soil acidification, erosion, at pagbaba ng soil fertility (Center for Environmental Concerns, 2012). Dahil 93% ng mga irigasyon sa mga bukirin ng bansa ay naging HVYs na, lubha nitong naapektuhan ang lupa at ang kabuuang ecosystem ng lupa at agrikultura sa bansa. Dagdag pa ng Center for Environmental Concerns, di kalaunan mas napinsala ang produksyon ng palay, naapektuhan ang kalusugan ng mga magsasaka, at nakontamina ang hangin at tubig nang dahil sa mga kemikal na nagamit sa programa.

Hindi mapasusubalian, isang krisis panlipunan ang kalagayan ng kalikasan sa panahong ito. Tugon ang sining sa malawakang pagkasira ng kalikasan. Ang Wood Things

(1981) ay kabahagi ng sumulong na kilusan sa sining hinggil sa kalikasan. Kabilang dito ang kritisismo at awit-protesta ng grupong Asin (popular na grupo ng mang-aawit) na nakalahad sa awit na "Masdan mo ang Kapaligiran" (1978). Sa awit, hinihikayat nitong suriin ang kalagayan ng kalikasan na dapat pahalagahan, samantala sa pyesa ni Junyee, pinaranas sa madla ang kakanyahan ng kalikasan.

> *Ang instalasyon ay nagsilbing paalala sa tumitingin na may matiwasay na kagubatan sa labas ng siyudad na kailangang pangalagaan. Sa paggamit ng mga laglag at lagas na halaman, ang pumanaw na ay nabibigyan ng bagong saysay. Mula sa mga labi ng pagkabulok at kamatayan, ang mga instalasyon ay nag-uusbong ng bagong buhay. Bagong kariktan at kaisipan ang pumupukaw sa haray't damdamin ng tumitingin dito. (Imelda Cajipe-Endaya, 2020)*

Ang Cultural Center of the Philippines bilang espasyo at gusali ay isang larangan ng tunggalian, lalo na umiiral pa noon ang Martial Law nang itanghal ang Wood Things. Ang CCP ay isang engrandeng balatkayo ng Rehimeng Marcos sa madilim na yugto ng ating kasaysayan. Ang pagbuo nito ay kinikilala ng mga Marcoses bilang pagbibigay diin sa kulturang Pilipino at sa tinuturing nilang 'Filipino soul'. Sa pag-exhibit niya ng Wood Things, nagmistulang ginamit niya ang espasyo hindi upang mapanatili ang status quo ngunit upang itaas ang kamalayan ukol sa mga krisis pangkalikasan. Ginugunita nito ang buhay na mayroon sa kalikasan higit sa nasusulyapan ng paningin. Ang tao ay parte ng kalikasan, at ang kalikasan ay saligan ng ating paglinang. Dahil sa kakaibang paggamit ng kalikasan bilang materyal, makabagong konsepto na kaakibat nito, lumawak ang pagkilala sa obra na naging dahilang maitanghal ito sa 12th Paris Biennale ni Junyee.

### *If Rain You Are, I'll Bathe the Earth With You (1998)*


Ang konsepto ng If Rain You Are, I'll Bathe the Earth With You (1998) ay mula sa tula ni Junyee sa kanyang asawa, si Tess-Gatchalian-Yee, isang dalubguro ng Human Ecology sa University of the Philippines. Nilikha ang pyesa para sa Japan National Bamboo Festival sa Oita, Japan. Sa deskripsiyon ni Imelda Cajipe Endaya, "dalawang daan at limampung tubo ng kawayan, na may 15-35 metrong haba ang bawat isa ang inayos ni Junyee para maging malasantuwaryong instalasyon. Ang pinakamahabang kawayan ay kinayas niya upang maging matayog na rainstick, instrumentong musikal na may tunog-ulan kapag ikinilos pataas at pababa, at may mga bandila sa magkabilang dulo."

Ang tula ng pag-ibig ay naging sining pagpapahalaga at pakikiisa sa mga magbubukid. Nilikha ni Junyee ang pyesa noong maganap ang El Niño sa bansa, partikular sa Mindanao. Apektado ng taggutom ang mga magbubukid dahil sa pagbaba ng produksyon ng palay. Hindi kayang punan ng naaaning palay ang demand sabay ng pagtaas ng populasyon sa bansa na nagresulta nang pag-import ng bigas ng Pilipinas (Center for Environmental Concerns-Philippines, 2012). Kasabay ding napinsala ang mga pangingisda

dahil sa pagkasira ng mga coral reefs. Dagdag pa rito ang Comprehensive Agrarian Reform Law of 1998 at ang Agricultural and Fisheries Modernization Act of 1997 na pabor sa mga panginoong may lupa at may-ari ng mga korporasyon. Bigo ang gobyerno sa pagbibigay nang maka-masang tugon sa mga problema ng masang Pilipino.

Ang tula ay naging dasal at isang akto ng pakikiisa.  Ang rainstick bilang isang instrumentong panrelihiyon sa South America ay may ng ispiritwal na pagpapakahulugan bago pa ito naging laruang naging patok sa mercado. Lumikha ito ng tunog ng ulan sa tuwing iniikot ang bahagi ng instalasyon. Ang tunog ay nagmistulang panalangin at panawagan upang bumuhos ang ulan, at pasasalamat na rin sa biyayang dulot ng kalikasan.

**Larawan 4**
If  Rain You Are, I'll Bathe the Earth With You  (1998)




Sa kabilang dako, hindi naging hadlang para kay Junyee ang paggawa ng instalasyon sa Japan upang hindi maipagpatuloy ang makaPilipinong nilalaman at proseso ng pagbuo ng obra. Inayos niya ang mga kawayan hango sa kung paano ito ginagamit sa barrio tuwing may Fiesta. Ito ang naging sentrong tema ng exhibit. Ang paggamit ng materyal na nakikita sa kalikasan sa mga Asyanong bansa tulad ng Japan at Pilipinas. Magkakahalo ng elemento ng enstalasyon, paglikha ng galaw, tunog, Filipino praktis ng pagkayas ng kawayan , oras, panahon at partisipasyon ng madla sa likha.

***Isang Daan (1998)***

Sa selebrasyon ng sentinyal na kalayaan ng bansa laban sa kolonyalismong Espanyol, pinatampok ni Junyee sa kanyang nagwaging pyesa na may titulong Isang Daan (1998) ang tagumpay ng mga Pilipino laban sa mananakop na dayuhan. Maaalala ang pakikibaka ng Katipunan O KKK, isang lihim na kilusang rebolusyonaryong lumaban sa Kastila na pinamunuan ni Gat Andres Bonifacio. Sandaang kawayan na may tatlong dosenang piye ang haba ng bawat isa sa pinakiling niya sa mga patungan na wari'y kanyon, ngunit nagmukhang mahahabang sundang o bukawi (kawayang bukawing may matulis na dulo, na ginamit bilang sibat sa panahon ng rebolusyon) dahil payat at matulis. Ang mga ito'y nagsilbi ring tagdan na pinagwagaywayan ng mga pulang watawat ng Katipunan (Imelda Cajipe Endaya).

Ang pahilig na linya ng mga kawayan na tila armas at bukawi ay naglalahad ng mensahe ng galaw, direksyon o pagpapatuloy. Dahil mistulang tagdan ang mga kawayan, na pinatibay ng dagdag na kawayan ng bilang pundasyon. Gamit ang elemento ng hangin, na nagpagalaw sa mga bandila na tila "buhay" at nagpapaalala ng nakaraang kasaysayan ng lahi. May pagmamalaki at dama ang dangal. Ang isang daang bilang ng kawayan ay nangangahulugan ng dami. Ang dami na pangangailangan ng pagsasama-sama para sa iisang layunin- ang pagkamit ng kalayaan.

**Larawan 5**
Replika ng pyeang Isang Daan, Sculpture Garden, UP Los Baños, Laguna




Binuksan ni Imelda Cajipe-Endaya sa kanyang artikulong may pamagat na Junyee Likhang-Sining Mula sa Kalikasan, para sa Bayan at Kalikasan ang nosyon ng demokrasya, nasyonalismo, at makabayan sa pagsusuri sa likhang sining. Ayon sa kanya,

> *"ang instalasyon ay waring nagsasaad na ang demokrasya ay kailangang ipaglaban pa rin sa kasalukuyan, at humaharap pa ito sa mahabang pakikibaka upang matamo ang soberanya ng bansa. Ito na marahil ang paglalagom ng malaking ambag ni Junyee sa sining at identidad ng Pilipino."*

Pinag-iba rin niya ang kahulugan ng nasyonalista sa makabayan. *"Ang nasyonalismo ay damdamin lamang at maaaring maging makasarili at mapang-api; ang pagiging makabayan ay kumakatawan sa diwa ng paglilingkod sa taumbayan"* (Endaya 2020).

Susog sa mahahalagang usaping nabanggit, mahalagang makita na naging behikulo ang piyesa ni Junyee sa diskurso at edukasyon. Ang paglilinaw sa pagkakaiba ng bansa/makabansa o nasyunalista at bayan/makabayan. Paglilinaw ito sa usapin ng kasaysayan ng uri at pagpapatuloy ng kasaysayan. Ang mga ilustrado noon o panggitnang uri ngayon, bilang uri ay kapwa may dalawang tunguhin sa kanilang paninindigan--ang maging makabansa o maging makabayan na inilalarawan ng sala-salabat na direksyon ng mga tandan. Dagdag pa, posible ring inilalarawan ng pagkakatutok ng mga kanyon sa iba't ibang direksyon ang imaheng may tunggaliang naganap sa loob sa pagitan ng mga elitista at masa. Kaugnay nito ang nosyon ng demokrasya, ang pagkilala sa boses ng mayorya. Kumpara sa umiiral na demokrasya ng iilan na may kapangyarihan at mayayaman. Kung gayon ang sining ay isang larangan ng tunggalian sa katwiran at kabulaanan.

**Larawan 6**
Isang Daan, mula sa social media ng CCP Visual Arts and Museum Division, bilang pag-alaala sa ika 125 taon ng Kalayaan, 2023



Isang Daan taong nakalipas, nanatili ang bagong paraan ng pananakop. Tinatawag na neokolonyalismo o Globalisasyon, na sa pamamagitan ng impluwensya at kontrol sa ekonomiya at pulitika, nagagawang maging mapagpasya ng makapangyarihang bansa sa kalakaran pang-ekonomiya at industriya sa mundo. Nagsisilbing tagaluwas ng hilaw na materyales ang mga bansang mahihirap at agrikultural habang umaasa sa mga yaring produktong imported mula sa kapitalistang bansa. Samantala ang pampublikong serbisyo, gaya ng tubig, kuryente, daan at iba pa ay ipinagbibili sa pribado kung gayon ay isang negosyong pagkakakitaan.


***Ang Angud, A Forest Once, 2007***

Sa okasyon ng kampanyang pangkalikasan para sa Earth Day, "Ang Angud, A Forest Once, 2007" na itinanghal sa harapan ng CCP ay maihahambing sa mga puntod ng mga yumao o libingan (tingnan ang larawan). Sa katotohanan, ang angud o bungo ay larawan ng libo-libong nabuwal na puno sa ating kagubatan. Ang mga troso ay binutas at nilagyan ng tali, upang hilahin pababa mula sa mga bundok. Ang bahaging binutas ay pinutol at iniwan na, kapag isinakay na sa mga trak ang troso upang ikalakal. Ito ay labi ng legal at ilegal na pagtotroso. Hinabi ng pulang tali ang mga angud na tila sapot na mahirap bagtasin ang simula at katapusan. Malakas ang iniwang mensahe ng pyesa at nakakabahala ang katotohanan na ang bawat isang angud ay isang puno sa kagubatan.

Noong mga panahong ito, malawakan ang pagkasira ng mga lupain at kagubatan ng Pilipinas dahil sa deforestation at illegal logging. Sa isang pag-aaral ng European Union's Joint Research Center noong 2007, sinasabing 19% na lamang ang kagubatan sa kabuuang lupain ng Pilipinas mula sa total na 70% noong 1900s. Resulta ito ng pagpapahintulot ng gobyerno sa mga commercial loggers na pataasin ang production hanggang 81% noong 2001-2006. Nakadagdag din sa isyu ang pagpapahintulot ng gobyerno na gawing pribadong pagmamay-ari ang kagubatan. Dahil dito, "by 2005, 1.1 million hectares of forestlands are privately-owned, increasing by 41,000 ha since 2000. Only 2% of these are owned by communities; most are controlled by corporations, institutions and individuals". Ginagawang legal ang pagkasira ng kagubatan dahil sa mga ipinatupad na batas ng gobyerno tulad ng National Clonal Forestation Program—na nagpapatibay ng ugnayan ng gobyerno sa mga pribadong kompanya.

Ipinakita ni Junyee sa kanyang akda ang pagkamatay ng malaking parte ng kagubatan. Ayon nga kay Endaya, "ang sining niya ay aksiyong political". Itinataas nito ang kalinangan ukol sa estado ng kabuuang biodiversity ng Pilipinas na patuloy na bumababa. Tinunggali ng piyesa ni Junyee ang neoliberal na argumento na ang lahat ng tao ay may kagagawan sa mga problemang pangkalikasan. Bagkus itinuturo nito ang tunay na salarin sa pagkasira ng kalikasan.

**Larawan 7**
Angud, A Forest Once 2007, Gawad CCP para sa Sining 2020



Ang Angud, ay materyal na larawan ng neokolonyal na sistemang umiiral sa bansa, na ang Pilipinas tulad ng iba pang mahirap na bansa ay ang pinagkukunan ng supply ng hilaw na materyales para dalhin sa mga korporasyong dayuhan sa industriyalisadong bansa. At maging bagsakan ng yaring produkto mula sa dayuhan.  Ang Pilipinas, bilang taga-supply ay naging bulnerable sa kapahamakan at kalamidad dulot ng pagkasira ng kalikasan, pagkasira ng kabuhayan, pagkawala ng buhay at kagutuman.  Samantala, ang mga sobrang yaring produkto naman mula sa dayuhan ay nagdadala din ng mga nakasisirang kemikal sa lupa, hangin at kapaligiran.

***Kwarantin (2020)***

Isa sa mga pinaka-bagong obra ni Junyee bago pumutok ang pandemya ay tumatalakay sa nakaraang kwarantin noong kasagsagan ng pagbugso ng kaso ng COVID-19. Naipamalas niya ang kanyang pag-intindi sa kinabukasan noog ika-18 ng Pebrero taong 2020, ilang buwan bago ideklara ang malawakang quarantine at state of emergency sa bansa, ay nasimulan na niyang buuin ang obra sa harap ng Vargas Museum sa University of the Philippines. Tinawag niya itong Kwarantin bunga ng panunuri niya sa mga krisis pangkalusugan na nangyayari sa mga karatig bansa. Ngunit isang araw bago ang takdang

pagbubukas nito sa publiko ay naideklara naman na under quarantine na ang buong Maynila noong March 13, 2020. 'My Kwaratin' was quarantined!' patutsada niya sa isang panayam sa kanya.

**Larawan 8**
Kwarantin, UP Vargas Museum




Ang Kwarantin ay buo ng mga papag na ipinalilibutan ng mga matataas na kawayang itinali sa paligid. Naglalarawan ang pagkakaiba-iba ng taas ng mga ipinalibot na kawayan sa ligalig at kawalan ng katiyakan na dulot ng pandemya at kawalan ng sistematikong tugon ng gobyerno sa krisis. Ayon sa isang artikulo sa Jorge B. Vargas Museum, 'The artist, believing in the endless possibilities brought about by bamboo as material, invites viewers to reflect on the limits set not only by the virus on everyday activity, but also by the tentative responses of governments towards the viral problem.' Ibinuo ito upang maging isang interaktibong espasyo sa publiko. Kasama sa plano ay ang paglalagay ng mga flashlights sa paligid ng estruktura. Kinalaunan, mas nagkaroon ng diin sa pagbabago ng mismong obra. Mula nang unti-unti itong nasira ng ulan, hangin, at natural na pagkarupok ng kawayang ginamit, hanggang sa maging muling bahagi ito ng kalikasan. Patunay na ang sining ay maaaring magmula sa kalikasan, patungo sa kalikasan. May ugnayan ang lahat ng bagay sa kalikasan. Kabilang sa ugnayan na ito ang mga pagbabagong dulot ng mga tao sa isang banda at ang epekto ng natural na siklo ng kalikasan sa tao.

### *Ang Dating ng mga Likha at Pilosopiya ni Junyee*


Higit limang dekada na ang lumilipas nang magsimulang makilala ang installation art sa bansa. Mula noon, marami nang mga iba't ibang istilo o konsepto ang umusbong. Marami na rin ang mga artista at iskolar ang unti-unting nakilala sa sining na ito. Ang ilan sa kanila ay naging bahagi ng Site Works (1981) tulad nina Hermi Santo at Alwin Reamillo. Ang Site Works ay idinaos noong Oktubre 10 -31, 1981 ay isang palihan at installation festival na inisyatiba ni Junyee. Naisakatuparan ito sa tulong ng pondo ng CCP.

*"Installation art is to arrange something..kung ano ang purpose,"* ayon kay Hermi Santo. Nagsimula siyang magkaroon ng interest sa installation art noong dekada sisenta hanggang sitenta. Para kay Hermi, maging ang pagkakabit ng kulambo ay isa na ring installation kahit ang paglalagay ng mga banderitas at pagbuo ng mga arko tuwing piyesta dahil ang pagbuo o paglikha ay may purpose o dahilan. Nakilala rin si Hermi bilang "pyro maniac artist" dahil ang lahat ng kanyang mga likha ay kanyang sinusunog. Bukod dyan, isa sa kanyang istilo ng paglikha, sa tuwing siya ay bubuo ng installation art, isinasama niya ang mga audience niya para makatulong sa pagbuo at para mas masaya. Sa pamamagitan ng pakikisangkot o pakikiisa sa pagbuo, nagkakabahagian na rin sila ng mga iba't ibang ideya o konsepto, sa pakikipagkwentuhan habang bumubuo. *"Sharing..."* ayon kay Hermi.

Dahil kay Junyee at sa tinatawag na backyard philosophy, nakapokus ang konsepto ni Hermi sa palay, na ayon sa kanya ay makikita lamang sa bakuran. Ito na rin ang inangking konsepto ni Hermi Santo. Makikita ang naging Dating (Lumbera. 1997) ng mga likha at ideya ni Junyee sa mga likha ni Hermi na parehong umuugnay sa kalikasan. Mula sa pagbabansag sa kanya na "pyro maniac artist," makikita ang konsepto ng apoy – na kabilang sa kalikasan, hanggang sa inangkin ng konsepto ng paggamit ng mga palay o ipa para sa mga nalikha at nililikhang installation art. Ito ang naging dating o impact ni Junyee kay Hermi.

Pagdating sa mga maipapayo ni Hermi sa mga kabataang nais subukin ang installation art, gawin ito na parang naglalaro lamang at iangkop sa panahon ngayon. Matutong mag-adapt sa lugar na kinaroroonan ng pagbuo ng installation art.

**Larawan 9**
Poster Site Work workshop and Installation festival




Urban context naman ang istilo ni Alwin Reamillo na naging mag-aaral ni Junyee noong 1st year college pa lamang. Ang mga likha ni Alwin ay kakikitaan din ng konsepto ng musika dahil ang kanyang ama ay isang pianista at ang kanilang pamilya ay gumagawa ng mga piano. Ngunit hindi marunong gumamit ng piano si Alwin, hindi rin marunong bumasa ng mga nota. Nakakakilala naman siya ng musika kapag ito ay kanyang pinapakinggan. Lumaki sa siyudad si Alwin kaya't ang kanyang mga likha ay kakikitaan ng konsepto mula sa siyudad. Para sa kanya, *"installation is a modernist western term."* Mula rito, makikita ang impluwensya ng modernong panahon sa kanyang mga likha. Ginamit niya bilang mga materyal ang mga bahagi ng piano – ang piano mismo ay isang modernong instrument – sa paglikha ng kanyang mga installation art.

Malaki ang pagpapahalaga ni Alwin sa ibinahaging kaalaman ni Junyee hinggil sa pag-uugat sa karanasan at ang social creative workshop. Dahil ang installation art ay nakalilikha ng isang democratic space. Ang pagbuo ay isang sama-samang pagkilos ng mga magkakaugnay ang mamamayan. Malaking tulong ang backyard philosophy kay Alwin dahil may mga ilang materyales at konsepto siyang nagamit na nakita at kinuha lamang niya mula sa paligid. Dagdag pa ni Alwin, si Junyee ay nagbukas ng pananaw sa mga bagong henerasyon ng artists, sa pagpapalawig ng mga konsepto hanggang sa mga isyung panlipunan. Ipinayo niya sa mga kabataan na ipagpatuloy ang pagpapalawig ng pananaw o perspektibo sa lipunan at magamit ito bilang materyal o konsepto sa pagbuo o paglikha ng isang sining o ng mismong installation art, sa gitna ng lantad na pagpatay ng globalisasyon sa installation art.

Mababatid ang dating ng mga likha at pilosopiya ni Junyee sa dalawang artista. Tumatawid ito mula kalikasan patungong lipunan na siyang magagamit naman ng kasalukuyang henerasyon, maging sa hinaharap. Si Hermi Santo, bilang isang artista, ay kilalang gumagamit ng mga indigenous na mga materyales para sa kanyang mga obra o pyesa. Nagpokus siya sa paggamit ng mga butil ng palay bilang pangunahing materyales. Sinimulan ito ni Hermi noong 2007, ayon sa kanya, ang bigas bilang bahagi ng likhang-sining ay nagrerepresenta ng tunay na na esensya ng pagka-Pilipino. Dahil dito, kinilala siya bilang isa sa mga nanguna sa paggamit ng palay sa mga likhang-sining sa Asya.  Si Alwin Reamillo, na isa rin sa napabilang sa Los Baños Site Works, ay gumamit naman ng mga materyales na kalimitang makikita sa isang urban setting. Ipinapakita ng kanyang mga likhang-sining na sa marami pa ring kuwentong dala ng mga materyales na makikita hindi lamang sa likuran, maging sa harapan ng bahay. Ang ginawa ni Alwin ay pagtawid ng backyard philosophy ni Junyee patungong frontyard.

Kung ilalapat ang tatlong katangian ng Backyard Philosophy ni Junyee,  sa naging impak nito sa mga artista tulad ni Hermi at Alwin. Una,  makikita na kapwa ang dalawang artista ay gumamit ng alternatibong materyales sa paglikha ng sining.  Ang isa ay gumamit ng organikong materyales na palay na sumasalamin sa agrikultural na katangian ng bansa. Habang ang isa ay gumamit ng mga sirang piano, na naglalahad ng kabuhayan at identidad ng artista. Ikalawang elemento ng Pilosopiya ni Junyee ang pagtalaban ng piniling materyales sa sining at ang paninindigan ng artista sa kanyang likha at pagkatao.  Sa huli, sa paggamit ng materyales mula sa kalikasan, kapaligiran sa paglikha ng installation art, ng dalawang artista bilang mulat nilang pagkalas sa oryentasyong western art.

Sa Pilipinas, ang konsepto ng bakuran ay hindi lamang ang likod ng bahay. Ito ay tumutukoy din sa harap at gilid. Ganito ang paglalarawan ng kaunlarang tinungo ng praktis ng installation art sa bansa.  Bukod sa mga organikong materyales, magagamit na rin ang mga bagay na sa paligid o sa bakuran sa paglikha.  Nakalikha ito ng pagkakakilanlan ng manlilikha.  Nagagamit bilang ekspresyon ng saloobin, kasaysayan, nagbigay ng bagong kahulugan at kabuluhan.  Ang bakuran ay hindi lamang ang sukat at hangganan ng espasyo. May kinalaman dito ang ugnayan ng mga tao, ang panahon at kapaligiran bilang konteksto.

### *Ang sining bilang midyum ng edukasyong pangkalikasan*

Ang sining ay isa sa mga pinaka-epektibong midyum sa edukasyong pangkalikasan. Hindi na bago ang paggamit nito bilang midyum upang itaas ang kamalayan ng mga tao, lalong lalo na ng kabataan sa iba't ibang isyung pangkalikasan. Nangunguna ang mga siyentipiko at mga guro sa agham sa paggamit ng ganitong porma ng pedagohiko. Sa paglipas ng panahon, at sa paglala ng mga isyung pangkalikasan na kailangang tuunan ng kagyat na pansin, ang tungkuling itaas ang kalinangan ng mga tao ukol dito ay hindi na

lamang nakatakda sa mga siyentipiko o gurong pang-agham ngunit sa lahat ng mga guro mula sa iba't ibang disiplina.

Naging partikular ang disiplina ng sining sa pag-aaral at pag-sistematisa ng Environmental Art Education (EAE) o Edukasyon sa Sining Pangkalikasan na hindi lamang nakatuon sa paggamit ng sining upang kilalanin ang mga isyung pangkalikasan ngunit upang magkaroon din ng praktikal na aksyong nakatuon sa mga isyung ito. Kinikilala nito ang kakayahan ng sining na mapakilos ang mga tao mula sa creativity, imahinasyon, at reflection na kaakibat nito. Ayon kina Inwood at Taylor, maaaring magdulot sa aktibismo ang EAE dahil sa aktibong paglahok ng mga estudyante sa pag-aaral at produksyon ng sining pangkalikasan. Kinilala naman si Papavasileiou at ang kanyang mga kasama sa kanilang pag-aaral ukol sa tungkulin ng sining sa edukasyong pangkalikasan ang kakayahan nitong pasiglahin ang emosyon ng mga tao tungo sa kanilang koneksyon sa sarili, sa iba, at sa kanilang kapaligiran.

> *"the role of fine arts in the environmental awareness of students shows that their creative use contributes to the creation of an experiential learning environment, which strengthens the emotional connection with the natural environment, the enrichment of experiences, the cultivation of feelings of care and the development of responsibility." (Inwood & Taylor, 2012)*

Ang emosyon, ayon sa kanila, ay makabuluhan upang magkaroon ng tunay na kamalayan ang mga estudyante sa mga isyung pangkalikasan, at tunay na pagkilala sa kanilang responsibilidad na kumilos upang tumugon sa mga isyung ito. Ang pagtaas ng kamalayan sa relasyon ng tao at kalikasan ay hindi lamang nakabase sa lohikal at pormal na pag-aaral, ngunit pati na rin sa emosyonal na kalinangan ukol dito. Itinuturing nila itong *pre-requisite* sa edukasyong pangkalikasan sapagkat ito ang nag-uudyok ng pagninilay-nilay at matinding pagkilala sa papel ng sarili sa pang-malawakang isyu. Importante ang rasyonal at lohikal na kalinangan, ngunit ang emosyonal na kalinangan ang nag-uudyok ng pagkilos. Ang sining ay epektibong pamamaraan sa pagpukaw ng emosyon na kinakailangan sa praktikal na pagtugon sa mga isyung pangkalikasan.

Ang mga sining ni Junyee ay kakikitaan ng matibay na koneksyon sa Edukasyon sa Sining Pangkalikasan. Mula sa konsepto at mensahe na kaakibat ng kanyang mga obra hanggang sa katutubong materyales at sa mulat na produksyon nito. Kinilala siya bilang isang *environmental artist* nang dahil sa mga ito. Tinagurian ang kanyang mga likha na nagmumula sa kalikasan, patungo sa kalikasan. Patunay ang kanyang mga obra, kabilang na ang mga nabigyang diin sa mga naunang seksyon ng pag-aaral na ito, na maaaring gamitin ang sining bilang epektibong midyum sa edukasyong pangkalikasan.

Bunga ng kanyang *backyard philosophy* na ipinapakitang ang sining ay tinatakda ng kultura at heograpiya, ang pangunahing materyales na kanyang ginagamit ay mga katutubong materyales na mayaman ang Pilipinas. Kawayan ang isa sa mga pinaka-

paborito niyang materyales. Pangunahin niya itong ginamit sa karamihan ng kanyang mga obra tulad ng Balag, If Rain You are I'll Bathe the Earth With You, Isang Daan, at Kwarantin. Ang Wood Things ay gawa sa dahon ng saging at kapok, samantalang ang Angud ay binuo naman mula sa mga nabuwal na puno mula sa kagubatan. Sa isang banda, ang paggamit niya ng katutubong materyales ay isa mismong mensaheng pangkalikasan. Pinapakita nitong hindi nalilimita sa mga nabibiling materyales ang paglikha ng sining. Sa kabilang banda, mas binibigyang diin nito ang mga pahayag ukol sa mga isyung pangkalikasan ng kanyang mga obra.  Ang mga obra ni Junyee ay epektibong pamamaraan upang ipalaganap ang mga isyung pangkalikasan sa bansa. Ang *If Rain You are I'll Bathe the Earth With You,* halimbawa, ay isang porma ng pakikiisa sa mga magsasakang naapektuhan ng El Niño sa bansa. Ang Angud, na maihahambing sa libingan ay naglalayong magtaas ng kamalayan ukol sa unti-unting pagkamatay ng kalikasan dahil sa malawakang deforestation. Samantalang ang Kwarantin naman ay isang tugon sa krisis pangkalusugan.

Kaugnay ng mga ito, mabisa ang paggamit sa sining ni Junyee bilang midyum sa edukasyong pangkalikasan nang dahil sa iba't ibang kadahilanan. Una, maaari nitong ipakita sa mga estudyante ang malikhain at maharayang paggamit ng mga katutubong materyales na makikita sa kalikasan. Ito ay isang porma ng malay na paglikha ng sining. Nag-uudyok ito sa pagsusuri sa sarili, sa halaga ng kalikasan, at sa relasyon ng dalawa. Pangalawa, nang dahil sa mga isyung pangkalikasan na nakapaloob sa kanyang mga obra, maaari nitong itaas ang kamalayan ng mga estudyante ukol sa mga ito. Ang paggamit ng sining upang palawigin ang mga isyung pangkalikasan ay hindi lamang nakadirekta sa rasyonal o siyentipikong kalinangan, ngunit pati na rin sa emosyonal na kalinangan na kinakailangan sa pagtugon ukol sa mga ito. Pangatlo, at huli, kakikitaan ang mga obra ni Junyee na binigyang diin ang likas na sosyal, political, at kultural na aspeto ng mga isyung pangkalikasan. Hindi mapaghihiwalay ang pangmalawakang isyung panlipunan sa isyung pangkalikasan. Inuudyok ng kanyang mga likha ang pagkilos, kung susuriing mabuti, ay ang mithiin ng Edukasyon sa Sining Pangkalikasan. Tulad ng nabanggit sa itaas, ang direktang pag-aaral at partisipasyon ng mga estudyante sa produksyon ng sining pangkalikasan ay mapagpalaya at mapagpakilos.

## KONGKLUSYON

Hindi maihihiwalay ang artista sa kanyang konteksto—panahon at espasyo. Sinasabing ang lipunan muna ang nakakaapekto sa sining at sa artista bago magkaroon ng impluwensya ang sining sa lipunan.  Hindi kumikilos ang sining at ang artista sa ibang dimension o mundo. Sa halip, hindi nila maaaring ihiwalay ang sariling produksyon at pagkilos sa kontekstong ginagalawan.  Batay sa pag-aaral sa itaas, malinaw na naimpluwensyahan si Junyee ng lipunan, panahon, at espasyong kinabibilangan niya mula sa kanyang pamumuhay, paniniwala, paninindigan, at sa sining na nililikha. Ang kanyang aktibismo ay hinubog ng kanyang karanasan mula pagkabata, sa kanyang pagtatrabaho upang matustusan ang pagnanais na mag-aral maging artista, hanggang

sa naging organisadong artista't aktibista na siya nang makapag-aral sa UP Fine Arts. Naging tagabunsod ng malaya at mapagpalayang kontemporaryong sining sa porma ng enstalasyon. Bumuo ng mga konsepto, gumamit ng mga indigenous na materyales, at lumikha ng sining bilang tugon sa mga pampulitikang klima at problemang pangkalikasan ng mga panahong iyon.

Makikita ito sa mga motibasyon, konsepto, porma, at nilalaman ng kanyang mga obra. Ang Balag (1970) bilang freedom space sa panahon ng panunupil at pagsensura; Wood Things (1980) na nakalikha ng bagong ekolohiya at ang paggamit ng espasyo ng CCP bilang tunggalian ng magkaibang ideolohiya; ang If Rain You Are, I'll Bathe the Earth With You (1998) bilang pakikiisa sa mga Pilipinong magsasakang lubos na naapektuhan ng dahil sa El Niño; Isang Daan (1998) bilang paggunita sa mga rebolusyonaryong Pilipino at sa patuloy na paglaban para sa tunay na Kalayaan; Angud, A Forest Once (2007) sa pag-alala sa kalakhang parte ng kagubatan ng Pilipinas at ng kabuuan nitong biodiversity na patuloy na bumababa nang dahil sa deforestation, at legal at illegal logging; at ang Kwarantin (2020) bunga ng pagsusuri niya sa malawakang krisis pangkalikasan. Sa mga ito pinagtibay ni Junyee ang paggamit sa sining instalasyon bilang midyum sa pagtatampok ng suliranin sa kalikasan, at iba pang usaping pang-bayan na bahagi ng kaligirang pangkalikasan.

Nakapagpapakilos ang sining. Ito ang isa sa mga papel ng manlilikha sa paggamit ng sining bilang aksiyong politikal. Ang paggamit sa mga obra ni Junyee bilang midyum ng edukasyong pangkalikasan ay naglalayon na magbigay sa mga estudyante ng pag-aaral sa mga isyung pangkalikasan sa malikhaing pamamaraan. Inspirasyon ang produksyon at materyal ng sining ni Junyee sa pagbibigay diin ng ugnayan ng tao sa kanyang kapaligiran. Ang intelektwal at emosyonal na epekto ng mga ito ay nagbibigay ng bagong kalinangan at perspektibo ukol sa kalikasan na nag-uudyok ng pagkilos. Ang imahinasyon na kaakibat ng sining ay nakatutulong sa mas malawak na pagbuo ng mga alternatibong tugon at sa paglalarawan ng isang *sustainable future* at ng lipunang nagbibigay halaga sa kalikasan.

Mahirap simulan ang isang likhang-sining kung wala pang buong ideya o konsepto ang artistang lilikha nito, ano ang mga materyales na gagamitin at kung saan ito kukunin. Mahalaga sa sining at artista ang mapagkukunan ng mga materyales. Kadalasan ang mga ito, konsepto at materyales, ay kinukuha lamang sa mga nakikita sa ating lipunan. Ngunit pagkatapos mabuo ng mga likhang-sining at masaksihan ng mga nakararami, saan na ito mapupunta? Ano na ang kasunod? Ang Ecological Art ay nagsimula bilang isang samahan o kilusan noong dekada sisenta na ang pangunahing layunin ay itaas ang kamalayan at kaalaman ng mga tao pagdating sa mga kalagayan ng kapaligiran maging ang mga krisis na kinakaharap nito. Pagpapanatili at pangangalaga ng kalikasan gamit ang mga materyales mula sa kalikasan na babalik din sa kalikasan kalaunan.

Marami ang mga umusbong na mga artista at iskolar ng sining ang lumikha ng ecological art, ang kanilang likha ay maaring maglarawan ng kasaysayan ng sining, kasaysayan ng kalikasan at bayan. Maraming umusbong na mga artista na nagpapatuloy ng paglikha ng sining bilang "conversation through creation."

## SANGGUNIAN


4th OITA Asian Sculpture Exhibition (1998) | Bungo-Ono City. https://www.bungo-ohno.jp/docs/2015012900130/?fbclid=IwAR3tJ9OPTzRpaH4UDeFllUv4myskyhwnA9RWFeL_xJJ62NKoLc-RlTcUqZc

Alarcon, K. J. (2022, December 14). Admiring the art of rice through the works of Hermisanto. Philippine Rice Research Institute. https://www.philrice.gov.ph/admiring-the-art-of-rice-through-the-works-of-hermisanto/

Alcantara, A. (2021, August 26). The 'invisible' Junyee: The artist the Filipino must experience. The Diarist.ph. https://www.thediarist.ph/the-invisible-junyee-the-artist-the-filipino-must-experience/?fbclid=IwAR1c2EH87huC0Jcs3BcxQ1n0oM25pCHaWFhyTPt_lnwcw4myQnNZArl8pK4

Altromondo, & Altromondo. (2021, October 26). In conversation with Junyee: the father of installation art in the Philippines | Altro mondo · Creative space. Altro Mondo · Creative Space — Contemporary Art Gallery. https://altromondo.com.ph/in-conversation-with-junyee-the-father-of-installation-art-in-the-philippines/

Araguas, K. (2020, September 30). Masagana 99 both a success and a failure, experts say. UPLB. https://uplb.edu.ph/all-news/masagana-99-both-a-success-and-a-failure-experts-say/?fbclid=IwAR3564WLo0ElS6Y4UGbu3h-Cc1UQssAYRO9N6TJOMt0m-Dew6AWlav4FkCQ

Arceo, M. (2016, June 29). The Silence of J: Of deep spirituality and love of nature. iOrbit News Online. https://iorbitnews.com/the-silence-of-j-of-deep-spirituality-and-love-of-nature/

Asian Development Bank. (2017, December 20). Environmental protection and natural resource conservation in Asia. Asian Development Bank. https://www.adb.org/features/natural-resources-conservation-asia-adbs-take?fbclid=IwAR26RAR4lcuwAZasin9HvnIjqrII5WmNeEkyuSE2_WfL04w6LAzrws_rfAg

Bequette, J. W. (2007). Traditional arts knowledge, traditional ecological lore: The intersection of art education and environmental education. Studies in art education, 48(4), 360-374.

Center for Environmental Concerns-Philippines. (2012, April 13). Confronting the Ecological Crisis A Situationer on Philippine Environmental Issues and Struggles. CEC | Helping Communities Address Environmental Challenges. Retrieved July 22, 2023, from https://www.cecphils.org/wp-content/uploads/pubs/spe/State-of-the-philippine-environment-web041312.pdf

Cultural Center of the Philippines. (2021, September 24). Digital Archives - 2020 Gawad CCP Para sa Sining Conferment. Digital Archives - Cultural Center of the Philippines. Retrieved July 22, 2023, from https://digitalarchives.culturalcenter.gov.ph/storage/open-access/gawad-ccp-para-sa-sining.pdf

Power Institute. (2021, April 9). Patrick Flores / Nature is Material, Site is Work: Philippine Artist Junyee's Installations [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=VvLuGlpsvls

G. Guillermo, A. (2005). Brief Survey of Philippine Art. Art And Social Change: Contemporary Art in Asia and the Pacific. Canberra, ACT: Pandanus Books, Research School of Pacific and Asian Studies, The Australian National University.

Inwood, H. J., & Taylor, R. W. (2012). Creative Approaches to Environmental Learning: Two Perspectives on Teaching Environmental Art Education. International Electronic Journal of Environmental Education, 2(1), 65-75.

John Cinco - "Los Baños Site Works"exhibition.(n.d.). https://johncinco.com/los-banos-site-works

Vargas, J. B. (2020, July 23). Kwarantin | Junyee. Jorge B. Vargas Museum and Filipiniana Research Center. https://vargasmuseum.wordpress.com/2020/07/23/kwarantin-junyee/

Lagdameo-Santillan, K. (2022, August 11). Luis "Junyee" Yee, Jr.: A portrait of an (National) artist as Filipino. UP Alumni Website. https://alum.up.edu.ph/luis-junyee-yee-jr-a-portrait-of-an-national-artist-as-filipino/

Lamentillo, A. M. Y. (1970, January 1). Junyee, the revolutionary artist. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/lifestyle/content/211035/junyee-the-revolutionary-artist/story/

Lovely. (2014, April 24). HANGIN AY BUHAY: Installation artist JUNYEE summons the wind for the 2014 CCP Earth Day Celebration. Eagle News. https://www.eaglenews.ph/hangin-ay-buhay-installation-artist-junyee-summons-the-wind-for-the-2014-ccp-earth-day-celebration/

Lumbera, B. (2000). Dating: Panimulang Muni sa Estetika ng Panitikang Filipino. Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa, 210-224.

Manilaartblogger. (2011, April 25). Alwin Reamillo's Balut Rain and Reign at Tin-Aw | Manila art Blogger. https://www.manilaartblogger.com/2011/04/25/alwin-reamillos-balut-rain-and-reign-at-tin-aw/

Orozco, O. W. (2011, November 1). WHEN BALUT BECOMES AN ART OBJECT. www.alwinreamillo.com. Retrieved July 22, 2023, from https://www.alwinreamillo.com/content/when-balut-becomes-art-object

Papavasileiou, V., Nikolaou, E., Andreadakis, N., Xanthacou, Y., & Kaila, M. (2021). The role of art in environmental education. IJAEDU-International E-Journal of Advances in Education, 6(18), 287-295.

Ranada, P. (2022, July 22). How Marcos' proposed Masagana 150 will differ from Masagana 99. RAPPLER. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/how-marcos-jr-proposed-masagana-150-differ-masagana-99-program/

Tee I. (2022, June 7). Conversation with Mindanao artist Junyee — Art & Market. Art & Market. https://artandmarket.net/dialogues/2020/9/7/conversation-with-mindanao-artist-junyee

Trancart, F. (2022, June 28). Art and Nature: The Emergence of Ecological Art. Artsper Magazine. https://blog.artsper.com/en/a-closer-look/art-and-nature-the-emergence-of-ecological-art/

Wikipedia Contributors. (2022, December 7). Michelangelo Buonarroti. Wikipedia, Ang Malayang Ensiklopedya. https://tl.wikipedia.org/wiki/Michelangelo_Buonarroti.

Wikipedia contributors. (2023, December 23). Napoleon Abueva. Wikipedia. https://en.wikipedia.org/wiki/Napoleon_Abueva

Worksofheart. (n.d.). Edifice Complex: building on the backs of the Filipino people. Martial Law Museum. https://martiallawmuseum.ph/magaral/edifice-complex-building-on-the-backs-of-the-filipino-people/

Ylirisku, H. (2021). Reorienting environmental art education. Aalto University. 144–53. https://doi.org/10.54916/rae.119314

## ABOUT THE AUTHORS

**Leonardo "Boyet de Mesa" Dela Cruz** is a cultural worker, visual / performance artist and is currently teaching in the Department of Philosophy and Humanities (DPH), College of Arts and Letters (CAL) of the Polytechnic University of the Philippines. He finished his master's in communication in 2018 and taking up his graduate study in UP Diliman ( Philippine Studies program), under Faculty fellowship program of PUP Manila. He was a core member of Tupada Action and Media Art in 2002-2012, and a member of Concerned Artists of the Philippines. He founded Solidarity in Performance Art Festival in 2016. SIPA (Solidarity In Performance Art) is an International Performance Art festival initiated by performance artists in the Philippines, promoting peace and solidarity through performance/arts.

Si **Carmelo Osorio** ay nagtapos ng Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya at ng Master of Arts in Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Siya rin ay nagtuturo sa parehong unibersidad mula 2017 bilang part-time na guro. Nakapagturo na rin siya sa PUP Biñan, PUP Pulilan, PUP Sta. Maria kasabay sa PUP Sta. Mesa hanggang ngayon sa ilalim ng Kolehiyo ng Artes at Literatura – Kagawaran ng Filipinolohiya. Siya rin ay kasalukuyang inspektor sa Inspection Management Office. Bukod sa pagtuturo ay isa ring mananayaw at nakapagtanghal na sa iba't ibang lugar sa bansa.

**Jeniel Dasig** is a graduate of the Bachelor of Arts in Philosophy at the Polytechnic University of the Philippines and is now pursuing her Master's degree in the same discipline at the Divine Word Mission Seminary. She is currently teaching as Instructor at the Polytechnic University of the Philippines. Philosophy of work, Critical Theory, Feminism are among her research interests. She is currently writing her thesis on Critical Theory and Feminism.